6

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Maria Veronica M. Ricerra |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Mrs. Evelyn R. Ramos, PSDS SDO- Pasay City |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mrs. Evelyn R. Ramos, PSDS SDO- Pasay City |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS SDO-Pasay City<br>Dr. Arturo A.Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Mrs.Evelyn R. Ramos,PSDS- SDO Pasay<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS SDO Pasay City<br>Marvin Villafuerte,PDO II-LRMS SDO Pasay City |



**(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## Aralin 5

## Inaasahan:

Ang unified supplementary learning material (USLEM) na ito ay isinulat upang matulungan kang makabuo ng mga tanong tungkol sa mga impormasyong inilahad sa dayagram, tsart, mapa at grap. Pagkatapos ng USLEM na ito ay inaasahang :


Nakapagtatanong tungkol sa impormasyong inilahad sa dayagram, tsart, mapa, at grap. **– F6PB-IVg-20**

**PANUTO: Pag-aralang mabuti ang grap. Sagutin nang wasto ang tanong tungkol dito. Bilugan ang letra ng tamang sagot.**

Tingnan ang pabilog na grap na ito. Narito ang impormasyon tungkol sa dami ng mag-aaral sa Paaralang Gomez na nagsasalita at nakauunawa ng ibat-ibang wika. Tingnan ang leyenda.

**Leyenda:**

A. Filipino/Tagalog
B. Cebuano
C. Ilocano
D. Iba pang wika




1. Aling wika ang ginagamit ng maraming mag-aaral sa Paaralang Gomez?
   A. Filipino C. Cebuano
   B. Ilocano D. Hiligaynon

2. Aling dalawang wika ang may magsingdaming bilang ng nagsasalita?
   A. Filipino, Tagalog — C. Filipino, Cebuano
   B. Filipino, Ilocano — D. Cebuano, Ilocano

3. Ilang bahagdan ng mga mag-aaral ang nagsasalita ng Filipino/Tagalog?
   A. 50% — C.12.5%
   B. 12% — D. 25%

4. Ilang bahagdan ng mga mag-aaral ang nagsasalita ng Ilocano?
   A. 50% — C. 12.5%
   B. 12% — D. 25%

5. Saang grupo kasama ang mga mag-aaral na nagsasalita ng Waray, Pampango, Bicol at Hiligaynon?
   A. Filipino/Tagalog — C. Cebuano
   B. Ilocano — D. Iba pang Wika

## Unang Pagsubok

**PANUTO: Pag-aralan ang grap at sagutin ang mga tanong na kasunod nito.**

**Grap ng mga Marka ni Dawn sa Buwanang Pagsusulit sa Filipino**

| Marka | Hul. | Ago | Set. | Okt. | Nob. | Dis. | Ene. | Peb. | Mar. |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 100 | | | | | | | | | |
| 90 | | | | | | | | | |
| 80 | | | | | | | | | |
| 70 | | | | | | | | | |
| 60 | | | | | | | | | |

1. Sa anong buwan pinakamataas ang marka sa pagsusulit ni Dawn?
   ________________________________________
2. Ano ang pinakamababang marka?
   ________________________________________
3. Anong marka ang nakuha niya noong Agosto?

______________________________________________

4. Sa anong buwan pinakamababa ang kanyang marka?

______________________________________________

5. Sa anong mga buwan pantay ang nakuha niyang marka?


______________________________________________

## Balik-tanaw




**Pagbibigay Kahulugan sa Dayagram, Tsart, Mapa at Grap**

1.**Dayagram** – ay isang detalyadong larawang may kalakip na mga salitang nagpapaliwanag sa mga bahagi nito at nakatutulong upang higit na maunawaan ng mambabasa ang tungkol sa larawan.





2. **Grap-** isang representasyon ng mahahalagang tala ,datos o impormasyon.


**Mga Uri ng Grap**




**Talangguhit {Line Graph}** – Ginagamit upang ipakita ang pagtaas at pagbaba ng datos sa magkaibang panahon o pangyayari




**Bar Grap {Bar Graph}** – Ginagamit sa paghahambing o pagpapakita ng kalakaran ng sukat na gumagamit ng bar.Nagpapakita ito ng kaugnayan ng mga ideya o paghahambing ng magkakaugnay na ideya.




**Bilog na Grap {Pie Graph}**- Hugis bilog na hinahati-hati sa maraming bahagi upang kumatawan sa kabuuan. Bawat bahagdan nito ay kumakatawan sa datos.




**Larawang Grap- {Pictograph} –** Ito ang grap na gumagamit ng mga larawan na nagpapakita ng pag uugnay ng datos. Ang buong larawan ay maaaring buong bilang at kalahati naman pag kalahating larawan.

**3. Tsart** – isang malinaw na pagpapakita ng impormasyon. Ang paglalahad ng tsart ay ang kabaligtaran ng grap.Ginagamitan ito ng mga kolumn at simpleng paglalahat ng mga bilang at salita.

| Emosyon | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado | Linggo | Mga Mungkahing Gawin | Epektibo ba ito? Bakit? | Ano ang iyong susunod na hakbangin sakaling hindi epektibo? |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Galit | | | | | | | | | | |
| sadness | / | | | | | | | | | |
| joy | | | / | | / | | | | | |
| | | | | | | | | | | |

**4. Mapa**- Ang mapa ay naglalarawan ng ibat-ibang lugar kasama ang kapaligiran tulad ng lupa at katubigan. Ibat-ibang pananda ang ginagamit na kumakatawan sa mga lugar tulad ng guhit,tuldok o kulay.






## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Sa araw-araw na pagbabasa ,hindi mo nakakaligtaang makita ang mga grap, dayagram at mapa na tumutukoy sa ibat-ibang paksa. Ang pagpapakahulugan sa kaisipang nakapaloob sa dayagram,talahanayan grap at mapa ay isa pa rin sa mga kasanayang dapat malinang sa iyo sa antas na ito ng iyong pag-aaral. Mahalagang kasanayan sa pananaliksik ang kakayahang magsuri,umunawa at magbigay-kahulugan sa mga ito. Ito ay pantulong na ginagamit upang mapadali ang paglalahad ng mga datos na kaugnay ng binasa Nakabubuo rin tayo ng mga tanong batay sa dayagram,tsart, grap at mapa na inilahad.

**Basahin at Pag-aralan**

Si nanay ay nagtatag ng Prep Class sa aming barangay. Pitong taon na ngayon ito mula nang simulan niya noong 2012. Narito ang grap tungkol sa bilang ng kanyang mga mag-aaral sa bawat taon.

**Barangay Amihan**

| Taon | Bilang ng Mag-aaral sa Prep |
|---|---|
| 2018 |  |
| 2017 |  |
| 2016 |  |
| 2015 |  |
| 2014 |  |
| 2013 |  |
| 2012 |  |

 **= isang mag-aaral**

**Ito ang mga maaari mong mabuong tanong batay sa grap.**

1. Ilan ang bilang ng mga mag-aaral sa taong :
   2012 = __________
   2013 = __________
   2014 = __________
   2015 = __________
   2016 = __________
   2017 = __________
   2018 = __________
2. Anong taon ang naitalang may pinakakaunting bilang ng mga mag-aaral?
3. Ano-anong mga taon ang may parehong bilang ng mga mag-aaral?
4. Anong taon ang may pinakamaraming mag-aaral?
5. Ano ang pumapangalawang pinakamaraming mag-aaral?


Pansinin ang **dayagram** ng taon at bilang ng mga mag-aaral ay tinatawag na **grap**. Kung may kasanayan kang bumasa ng grap madali kang makabubuo ng mga tanong


at masasagot mo nang tama ang mga impormasyong inilahad sa dayagram, tsart, mapa at grap.

# Gawain

**PANUTO: Pag-aralan ang grap at sagutin ang mga kasunod na tanong**

**Mga Naipagbiling itlog ni Gng. Reyes sa loob ng isang Linggo**




**Bawat**  **= katumbas 10 itlog**

1. Ilan lahat ang itlog na naipagbili sa loob ng isang linggo?
   A. 350 C. 500
   B. 420 D. 510

2. Anong araw ang may parehong dami ng naipagbiling itlog?
   A. Martes at Huwebes B. Miyerkoles at Huwebes
   B. Linggo at Lunes D. Biyernes at Sabado

3. Magkanong lahat ang naipagbiling itlog sa araw ng Martes at Huwebes?
   A. 100 C. 110
   B. 120 D.130

4. Anong araw ang pinakamaliit ang kinita niya sa naipagbiling itlog?
   A. Linggo C. Lunes
   B. Martes D. Miyerkoles

5. Anong impormasyon ang ipinakikita ng grap?
   A. Ang kabuoang bilang ng itlog ay isang daan.
   B. Magkapareho ang dami ng itlog sa bawat araw.
   C. Pinakamaraming itlog ang naipagbili noong Linggo.
   D. Magkasindami ang naipagbiling itlog noong sabado at Linggo.

# Tandaan

Ang tsart, dayagram, grap at mapa ay ginagamit sa paglalahad ng ulat sa anyong palarawan upang maging malinaw at madaling maunawaan ito. Mahalaga ang kasanayan sa pag-unawa ng mga ito sapagkat ito ay nakatutulong upang makabuo ka ng sariling konklusyon at pagpapakahulugan sa mga datos na nakalahad dito. Madaling makapagbibigay ng impormasyon sa pamamagitan ng pamagat ,makatutulong sa pagbuo ng kaisipan na nuukol sa binasa at mabilis na pagsasalarawan ng datos.

Ang grap ay may iba't ibang uri

1. line graph
2. bar graph
3. pie o circle graph
4. pictograph

# Pag-alam sa mga Natutuhan



**PANUTO: Pag-aralang mabuti ang tsart. Batay rito sagutin ang sumusunod na tanong**.

**Taunang Gastos ng Pamilyang Binubuo ng Pitong Tao**

| | 2017 | 2018 | 2019 |
|---|---|---|---|
| pagkain | 134,400 | 200,800 | 336,000 |
| damit | 28,00 | 46,000 | 72,000 |
| bahay | 60,000 | 66,000 | 139,200 |
| pag-aaral | 70,000 | 90,000 | 160,000 |
| transportasyon | 30,000 | 50,000 | 70,000 |
| medikal | 20,000 | 30,000 | 50,000 |

1. Sa anong aytem pinakakaunti ang gastos sa loob ng tatlong taon?

   ______________________________________________

2. Anong aytem ang may pinakamalaking pinagkagastusan?

   ______________________________________________

3. Magkano ang itinaas ng gastos sa pagkain mula noong 2017 hanggang 2019?

_______________________________________________

4. Magkano ang kabuoang gastos noong taong 2019?


   _______________________________________________

5. Magkano ang itinaas ng kabuoang taon noong 2018 hanggang 2019?

   _______________________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**PANUTO: Pag-aralan ang mapa at isulat ang sagot sa guhit na itinakda.**




Pista. Inimbita ka ng kaibigang si Anton sa kanila. Iginawa ka niya ng mapa upang hindi ka maligaw kung sasakay ng dyip. Ito ang mapa.

1. Saang kalye dadaan ang dyip pampasahero?

   _______________________________________________

2. Sa tapat ng anong tindahan ka dapat bumaba?

   _______________________________________________

3. Ano ang pangalan ng kalsadang dadaanan mo patungo sa Kalye Arellano?

   _______________________________________________

4. Saang gawi ng Kalye Arellano naroon ang bahay ng kaibigan mong si Anton?

   _______________________________________________

5. Ano ang nasa tabi ng bahay ni Anton?

   _______________________________________________

**Susi sa Pagwawasto**

**Ph. 1 Gawain**

1. A
   1. D
2. D
   2. A
3. A
   3. B
4. C
   4. C
5. D
   Disyembre

**Unang Pagsubok**

1. Nobyembre
2. 65
3. 75
4. Hulyo
5. Oktubre at
   5. C

**Pangwakas na Pagsusulit**

**A.**1. Hen.Luna

2.Mercury Drug Store

3. Tiongco St.

4. kanang bahagi

5. GD Sarisari Store

**Pag-alam sa Natutuhan**

1. Medical
2. Pagkain
3. 201,600
4. 827,200
5. 344,400

**Basahin at Pag-aralan:**

1. Ilan ang bilang ng mga mag-aaral sa taong :
   2012 = 7
   2013 = 9
   2014 = 10
   2015 = 13
   2016 = 10
   2017 = 13
   2018 = 15
2. 2012
3. 2015 & 2017 = 13
   2016 & 2014 = 10
4. 2018
5. 2017

## Sanggunian

Sanayang Aklat sa Wika at Pagbasa 6 Bagwis ph.160-162

Pag-Unlad sa Wika at Pagbasa ph.39-40

Pilipino sa Bagong Milenyo ph. 193-194
Sanayang Aklat sa Filipino 6 ph.151-154
https://www.youtube.com/watch?v=QfJ6Do1s2_Y&t=309s
https://www.youtube.com/watch?v=rjzLDDpmP_w
https://www.youtube.com/watch?v=TEbbaSFj7pg&t=17s